# SA SILONG NG EDUKASYON

*by:*
**Christian E. Canta**
*Teacher II, Bonifacio Camacho National High School*

Sa bawat pagbukas ng aklat, may mundo kang muling binubuo. Sa bawat diskyusyon at talakayan, may pintuan ng pag-asa na bumubukas. Sa katahimikan ng klasrum, sa ingay ng mga sadyang mausisang estudyate. Sa berdeng pisarang paulit-ulit binubura't sinusulatan, doon nananahan ang himala ng edukasyon.

Hindi perpekto. Minsan may kulang, minsan may kapalit. May estudyanteng pumapasok kahit walang pamasahe. May gurong nagsusulat sa lumang chalkboard gamit ang sariling chalk. May silid-aralang kulang sa bentilador, pero puno ng determinasyon. Pero sa kabila ng lahat ng ito, ang edukasyon ay nananatiling matibay. Dahil sa puso ng bawat Pilipino, ang pagkatuto ay hindi hadlangin ng kahirapan, kundi pinapalakas ng pangarap.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa isang mundo kung saan ang bilis ng pagbabago ay tila may bagyong hindi mapigilan, ang edukasyon na ating matibay na sandigan. Hindi lamang ito tungkol sa pagsusulit o diploma. Ito ay tungkol sa pagtuklas sa sarili, sa pagtanggap sa kakulangan, at sa pagbuo ng lakas sa bawat kabiguang natutuhan.

Makikita mo ito sa batang natutong bumasa sa edad na labindalawa, huli para sa ilan, pero hindi huli para sa kanyang pag-asa. Makikita mo ito sa batang babae na, sa kabila ng pagod sa bukid, ay nag-aaral sa ilalim ng ilaw ng gasera. At sa gurong lumalakad ng ilang kilometro, dala ang tsinelas, chalk, at pangarap ng buong barangay, dahil alam niya, ang bawat titik na itinuturo ay binhi ng kinabukasang mas maliwanag at mas maganda.

Ang edukasyon ay hindi lamang karunungan, kundi pagmamalasakit. Hindi lamang ito pagtuturo, kundi pagbibigay-diwa. Sa bawat guro na hindi sumusuko, sa bawat magulang na nagsusumikap, sa bawat batang umaasang makakapagtapos ay naroroon ang katotohanan. Ang pagkatuto ay hindi kayang itago, hindi kayang itapon, at higit sa lahat, hindi kailanman mawawala.

Sa mga mata ng isang bata na unang beses humawak ng lapis, sa mga luha ng estudyanteng nakapagtapos kahit mahirap, at sa ngiti ng isang gurong sinabing "kaya mo 'yan," doon natin makikita na ang edukasyon ay hindi lang pag-angat ng sarili, kundi pag-abot at pagyukod sa pangarap ng iba.

Kaya't sa gitna ng lahat ng unos, pandemya, kakulangan, o pagdududa ay huwag nating kalimutan ang liwanag na dala ng pag-aaral. Sa bawat silid-aralan, may pangakong kinabukasan. Sa bawat gurong nagtuturo ng puso, may rebolusyong tahimik ngunit tunay. At sa bawat kabataang pinipiling matuto, may isang bansa tayong dahan-dahang bumabangon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Edukasyon. Hindi lamang ito susi sa tagumpay, ito ay mismong pintuan ng pag-asa. At habang may mga taong patuloy na naniniwala sa bisa nito, mananatiling buhay ang ating kinabukasan.

*References:*

https://joblogedukasyonsapilinas.wordpress.com/